


# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 2: Panitikang Asyano: Pabula



PAG-AARI NG PAMAHALAAN  
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikasiyam na Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Ikalawang Markahan- Modyul 2: Panitikan ng Silangang Asya: Pabula ng Korea  
Unang Edisyon, 2020**

Ininasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Elsie V. Malagum, Allene E. Duarte Angelita P. Ramos, Daniel R. Amparado Merlyn B. Elorde
<b>Editor:</b>	Josephine L. Tomboc
<b>Tagasuri:</b>	Brengilda C. Canama, Alma M. Beton
<b>Tagapamahala:</b>	Ruth L. Fuentes Eugenio B. Penales Sonia D. Gonzales Juliet A. Magallanes Florencio R. Caballero Alma D. Belarmino

Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: [region9@deped.gov.ph](mailto:region9@deped.gov.ph)

**Filipino**  
**Ikalawang Markahan – Modyul 2**  
**Panitikang Asyano: Pabula**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag -aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa ihihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umasa kani na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## Alamin



Isang mainit na pagbati sa panibagong araw ng pagkatuto. Masaya ako dahil matagumpay mong natapos ang unang modyul. Nasiyahan ka ba sa naging resulta nito? Sigurado akong ipinagmamalaki mo ang iyong sarili dahil sa maganda ang naging resulta ng iyong mga pagsasanay. Magaling!

Ngayon makakasama mo na naman ako sa iyong paglalakbay para sa ikalawang modyul. Handa ka na ba? Aba! Oo naman! Batid ko ang iyong kasabikan na simulan ang modyul na ito dahil alam kong gustong-gusto mong magbasa ng mga akda lalo na kung ito ay pabula.

Sa araling ito, papasukin natin ang mundo ng mga hayop sa pamamagitan ng kwentong pabula at lubos mong mauunawaan ang nilalaman at damdamin ng tauhang nakapaloob sa akda. Ipapakita rin sa araling ito ang pagpapahalaga at dangal ng isang kabataang Pilipino at bilang bahagi ng isang bansang Asyano. Ito'y naglalaman din ng mga pagsubok na inihanda upang magturo ng mahahalagang aral at kaisipan na karapat-dapat tularan ng isang kabataang tulad mo. Huwag kang mag-alala dahil alam kong kayang-kaya mo ito!

### **Pagkatapos ng ating paglalakbay inaasahan ko na magagawa mong mga susmusunod:**

1. Nakahihinuha ng damdamin ng mga tauhan batay sa diyalogong napakinggan (F9PN-IIC-46)
2. Naiaantas ang mga salita (clining) batay sa tindi ng emosyon o damdamin (F9PT-IIC-46)
3. Nagagamit ang iba't ibang ekspresyon ng pagpapahayag ng damdamin (F9WG-IIC-48)
4. Nabibigyang puna ang kabisaan ng paggamit ng mga hayop bilang tauhan na parang taong nagsasalita at kumikilos (F9PB-IIC-46)
5. Naisusulat muli ang isang pabula sa paraang babaguhin ang karakter ng isa sa mga tauhan nito (F9PU-IIC-48)





## Subukin

Bago tayo magpatuloy sa ating aralin, tingnan muna natin kung ano na ba ang iyong nalalaman sa aralin na ating tatalakayin sa modyul na ito.

Basahin at sundin mo ang panuto bilang iyong gabay sa gawain. Paghusayan mo ha?



### PAUNANG PAGTATAYA

**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod na pahayag at piliin ang titik ng pinakatamang sagot sa sagutang papel.

Para sa aytem 1-6, basahin ang bahagi ng teksto na nasa kahon.

“Sa maliit na kubo nakatira ang mag-inang pusa. Hindi matatawaran ang pagmamahal ni Binay sa kanyang dalawang anak. Kaya labis ang pag-aalaga niya. “Ikaw Milay ang taba mo?”, wika ni Binay. Tuwang- tuwa naman si Kabong habang dinidilaan ng ina ang balahibo nito.

“Sa ‘di kalayuan takam na takam na nagmamasid si Bowa, ang malaking ahas na kaibigan ni Binay, sa malulusog na katawan ng mga kuting. Agad niya itong nilapitan, “Binay! mukhang napakalusog ng mga anak mo ah. Napangiti pa habang tuloy tuloy sa pagsasalita. Ay! oo nga pala may gusto akong ipakita sa iyo Binay, na tiyak magugustuhan mo, tira-tirang laman ng manok. Hindi ko kasi mauubos ito. Halika! tingnan natin?” Napalundag sa sobrang tuwa si Binay na agad naman itong sumama. Pagdating nila roon, walang pagkain na nakikita ang inang pusa.

“Oh, nasaan na ang pagkain?” tanong ni Binay. “Sandali! Sandali! Dito lang yon ah”, pakunwaring paghahanap si Bowa. “Binay hintayin mo ako rito, nasa kabila lang pala”, pagsisinungaling nito. “Sige, pero bilisan mo lang kasi nagugutom na ang mga anak ko”. Yahoo! singbilis ng kidlat na nawala si Bowa at agad dumiritso sa kubo. Sa sobrang inis ni Binay sa kahihintay na bumalik ang kaibigan nagpasya siyang umuwi na ng bahay. “Tekang! bakit tahimik masyado?, pagtataka ni Binay. “Milay! Kabong! mga anak nasaan na kayo?” Nawawala ang kanyang mga anak. Naghihinagpis si Binay sa nangyari at sinisi ang sarili. Simula noon hindi na rin nagpakita si Bowa, ang kaibigan niyang ahas.

-Ang teksto ay sariling likha  
ni: *Elsie V. Malagum*

1. Batay sa papel na ginagampanan ng ahas sa pabula, anong damdamin ang mahihinuha sa pahayag?
  - A. paghanga
  - B. pagtulong
  - C. pagkatuwa
  - D. panlilinlang
  
2. Anong positibong aral ang ipanahihiwatig ng ginampanang papel ng pangunahing tauhan?
  - A. Lahat ng kaibigan ay mapagkatiwalaan.
  - B. Huwag maniniwala sa mga sinasabi ng iba.
  - C. Mag-ingat sa mga mapagkunwaring kaibigan.
  - D. Ang buhay ay may maraming pagsubok.
  
3. Paano ginampanan ng mga hayop ang kanilang papel bilang tauhan sa kuwento?
  - A. Sa pamamagitan ng pagsasalita at pagkikilos na parang mga tao
  - B. Sa pamamagitan ng pagpapalit - anyo nito ng isang tao
  - C. Sa paraang sila ang namamahala sa kuwento
  - D. Sa paraang sila ang sumasaksi sa pagtatanghal ng mga aktor
  
4. Napalundag sa sobrang tuwa si Binay na agad naman itong sumama. Sa pangungusap na ito, anong damdamin ang nangingibabaw sa tauhan?
  - A. pagkalungkot
  - B. pagkagulat
  - C. paghanga
  - D. pagkatuwa
  
5. *Sa di kalayuan takam na takam na nagmamasid si Bowa, ang malaking ahas na kaibigan ni Binay, sa malulusog na katawan ng mga kuting. Alin sa mga sumusunod ang nagpapahiwatig sa tunay na damdamin ng tauhan?*
  - A. Nagugustuhan niya ang mga kuting
  - B. Itinuturing niyang parang anak ang mga kuting
  - C. Hinahangaan niya ang pagmamahalan ng mag-iinang pusa
  - D. Gusto niyang kainin ang mga malulusog na kuting
  
6. “Milay! Kabong! Mga anak nasaan na kayo?”, sigaw ng inang pusa nang hindi matagpuan ang mga anak. Anong damdamin ang mahihinuha sa pahayag ng tauhan?
  - A. pag-aalala
  - B. pagkalungkot
  - C. pagmakaawa
  - D. pagkatuwa
  
7. *Tama ang naging pasya at desisyon niya sa kanyang sarili na mahal in niya ang kanyang mga kaaway. Anong damdamin ang ipinapakita sa nagpapahayag nito?*
  - A. pagsalungat
  - B. pagkainis
  - C. pagkalungkot
  - D. pagsang-ayon

8. “Naku! Tumaas ang bilang ng nagpositibo sa Covid-19.” Anong ekspresyon ng damdamin ang ipinapahayag dito?
- patalinghaga
  - diretsahang paraan
  - maikling sambitla
  - pandamdám
9. “Bilis!” Anong ekspresyon ng damdamin ang ipinapahayag nito?
- pandamdám
  - maikling sambitla
  - naglalarawan
  - patalinghaga
10. Alin sa mga hayop na ito ang may katangiang taksil na inihalintulad sa isang tao?
- aso
  - pagong
  - ahas
  - kalabaw

Mahusay! Alam kong nasagot mo nang maayos ang gawain sa “Subukin”. Ngayon naman, ating lalakbayin ang makulay na panitikan ng Korea. Pag-aaralan natin ang pabula na isinalin ni Vilma C. Ambat sa Filipino na pinamagatang “Ang Hatol ng Kuneho”.



## Aralin

# 1

## Pabula ng Korea: Ang Hatol ng Kuneho



### **Balikan**


Bago tayo magpatuloy kaibigan, nais ko munang balikan mo ang nakaraan nating aralin. Natatandaan mo pa ba ito? Tama! Tungkol sa *Tanka* at *Haiku* ng bansang *Japan*. Subukin nga natin kung talagang naaalala mo ito. Sundin mo ang mga panuto sa ibaba.





### Gawain 1: Pagkakaiba at Pagkakatulad Balikan!

**A. Panuto:** Kopyahin ang *Venn diagram* sa iyong papel at ibigay ang pagkakaiba at pagkakatulad ng *Tanka* at *Haiku*.



**B. Panuto:** Piliin ang tamang salitang binigyang kahulugan ng pahayag. Isulat ang sagot sa inilaang puwang.

- \_\_\_\_\_ 1. Kapalaran ng tao    BU:hay    bu:HAY  
\_\_\_\_\_ 2. Listahan            ta:LA    TA:la

**C. Panuto:** Tukuyin ang wastong tono ng pahayag batay sa layunin. Maaaring gamitin ang bilang **1** sa mababa, bilang **2** sa katamtaman, at bilang **3** sa mataas.

Halimbawa: mayaman = 213, pagtatanong  
                  mayaman = 231, pagpapahayag

1. kanina = \_\_\_\_\_, pag-alinlangan  
   kanina = \_\_\_\_\_, pagpapatibay, pag papahayag  
2. magaling = \_\_\_\_\_, pagpupuri  
   magaling = \_\_\_\_\_, pag-aalinlangan

**D. Panuto:** Basahin ang sumusunod na pahayag. Subukin kung anong mga pagkakaiba ng kahulugan ang maibibigay sa paggamit ng hinto at antala.

1. Hindi si Arvyl ang sumulat sa akin.
2. Hindi, si Arvyl ang sumulat sa akin.
3. Hindi si Arvyl, ang sumulat sa akin.



## Tuklasin

Yesss! sa wakas ay narito na tayo sa pinakamahalagang bahagi ng iyong modyul, ang gawaing pagbasa at paglinang ng iyong pag-unawa kung naintindihan mo ang iyong binasa.

Kaibigan babasahin na natin ang Pabula mula sa Korea na isinalin ni Vilma C. Ambat na pinamagatang “Ang Hatol ng Kuneho” Sa iyong pagbabasa, suriin mo ang ang iba’t ibang karakter o katangian ng mga tauhan.

Handa ka na ba? Basa na!

Ang akdang ito ay makikita sa:

Aklat ng **Kagawaran ng Edukasyon**

**Panitikang Asyano – Ikasiyam na Baitang**

Modyul ng Mag-aaral sa Filipino

Mga manunulat: Romulo N. Peralta, Donabel C. Lajarca et al.

Pahina: 105-107

Pamagat: Ang Hatol ng Kuneho



### Paglinang ng Talasalitaan

#### Gawain 2. A. Tara Hanapin Natin!

**Panuto:** Hanapin at salungguhitan ang kasingkahulugan na nakapaloob din sa pangungusap ang salitang may salungguhit din sa pangungusap.

1. Lumupasay ang Tigre dahil sa sobrang gutom at hapong-hapo ang katawan habang nakahiga sa lupa.
2. Inaaro ng mga baka ang bukid upang may mapagtaniman sila sa kanilang lupang sinasaka.
3. Malumanay at walang ligoy na nagsasalita ang kuneho na tila dahan dahan itong naiintindihan ng Tigre.
4. Humingi ng tulong ang Tigre sa taong nakadungaw sa kanya na agad naman itong nakakaramdam ng pangamba habang nakatingin sa hukay na kinalalagyan nito.
5. Labis ang pagsusumamo ng lalaki upang hindi kainin ng tigre, ngunit kahit anong pagmamakaawa gusto parin siyang sakmalin nito.

## B. Ayon Sa Aking Pag-unawa

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga linya na nasa pabulang binasa at isulat sa loob ng kahon ang kahulugan. Sikapin mong magamit sa sariling pangungusap ang mga binigyang-kahulugan na pahayag.

1. Nabuhayan siya ng loob at agad tumayo.

2. Naglaway ang tigre at naglakad paikot sa lalaki.






3. Anong alam ng tao sa pagtanaw ng utang na loob?






4. Hapong-hapo na ang tigre at lumupasay na lamang sa lupa.

5. Gusto sana kitang tulungan subalit nangangamba ako.

### Gawain 3: Iantas Mo Ako!

**Panuto:** Iantas ang mga sumusunod na salita ayon sa tindi o digri nito. Isulat ang salita sa loob ng kahon na pormang hagdan sa tapat ng bilang.

Mga salita	Pag-aantas ayon sa tindi ng damdamin
1. <ul style="list-style-type: none"> <li>• sigaw</li> <li>• hiyaw</li> <li>• bulong</li> </ul>	
2. <ul style="list-style-type: none"> <li>• galit</li> <li>• poot</li> <li>• suklam</li> </ul>	
3. <ul style="list-style-type: none"> <li>• hinagpis</li> <li>• pighati</li> <li>• lungkot</li> </ul>	
4. <ul style="list-style-type: none"> <li>• pangamba</li> <li>• kaba</li> <li>• takot</li> </ul>	
5. <ul style="list-style-type: none"> <li>• pagkutya</li> <li>• pag-alipusta</li> <li>• pag-aapi</li> </ul>	

<p>6.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• damot</li> <li>• ganid</li> <li>• sakim</li> </ul>	
<p>7.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• pagmamahal</li> <li>• paghanga</li> <li>• pagsinta</li> </ul>	
<p>8.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• sakit</li> <li>• hapdi</li> <li>• kirot</li> </ul>	
<p>9.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• tawa</li> <li>• halakhak</li> <li>• ngiti</li> </ul>	
<p>10.</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>• pagkawala</li> <li>• pagkaubos</li> <li>• pagkasaid</li> </ul>	

#### Gawain 4: Suriin at Unawain!

**A.** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Tama ba ang naging hatol ng kuneho sa suliranin ng tigre at ng lalaki? Bakit?
2. Kung ikaw ang hahatol sa sitwasyon, gagawin mo rin ba ang ginawa ng kuneho? Bakit?
3. Sa iyong palagay, kung nakapagsasalitang muli ang mga nilalang sa kalikasan natin ngayon, ano kaya ang kanilang hatol sa ating mga tao? Ipaliwanag.
4. Bilang kabataan, ano ang maimumungkahi mo upang maiwasan ang pang- aabuso ng mga hayop at ang kalikasan.

5. Mahihinuha mo ba sa pabulang ito ang kultura at kaugalian ng mga taga-Korea? Patunayan.
6. Kung may nagawang kabutihan ang ibang tao sa iyo, paano mo ito tutumbasan?

## B. Character Mapping

Ang mga tauhan ng pabula ay may iba-ibang karakter o katangian. Kung isusulat mo uli ang pabula ano ang nais mong baguhin sa karakter nila at bakit?

	Dating ugali ng tauhan sa pabula	Pagbabagong ugali ng tauhan at bakit?
tigre		
kuneho		
lalaki		

## C: Pagbibigay Hinuha

**Panuto:** Magbigay ng hinuha sa damdaming ipinahihiwatig ng mga tauhan batay sa kanilang mga diyalogo. Isulat sa patlang ang iyong sagot.

1. “Pakiusap! Tulungan mo akong makalabas dito, pagmamakaawa ng tigre”.  
“Kung tutulungan mo ako, hindi kita makalilimutan habambuhay.”  
Ano ang nadarama ng tigre sa mga oras na iyon?

Sagot: \_\_\_\_\_

2. “Dapat mo siyang kainin! Tingnan mo, mula nang kami ay isilang ay naglilingkod na kami sa mga tao. Subalit, ano ang ginagawa nila kapag kami’y tumanda na...pinapatay kami at ginagawang pagkain!”.

Sagot: \_\_\_\_\_

3. “Sandali! Sandali! Huwag mong isipin iyan,” pakiusap ng tigre. “Huwag kang mag-alala, pangako hindi kita sasaktan.”

Sagot: \_\_\_\_\_

4. “Tanungin natin ang puno ng Pino kung tama bang kainin mo ako”. “Sige”, ang wika ng tigre. “Pero pagkatapos natin siyang tanungin, kakainin na kita”.

Sagot: \_\_\_\_\_

5. “Anong alam ng tao sa pagtanaw ng utang na loob?” tanong ng puno ng Pino. “Bakit ang mga dahon at sanga namin ang kinukuha ninyo upang mapainit ang inyong mga tahanan at maluto ang inyong pagkain? Mga taon ang binibilang namin upang lumaki. Kapag kami’y malaki na pinuputol ninyo kami!”.

Sagot: \_\_\_\_\_



## **Suriin**

Sa bahaging ito mabibigyan ka ng karagdagang impormasyon tungkol sa ating natatanging aralin na napapalob sa modyul na ito at higit sa lahat upang maunawaan mong lubos ang mga katangian ng pabula.

Sige, umpishan mo nang basahin at unawain. Pagbutihan mo!



## **Kaligirang Pangkasaysayan ng Pabula sa Korea**

Ang mga hayop ay hindi lamang mga nilikhang gumagala sa kapatagan at kabundukan. Ang mga ito ay may simbolong ugnayan sa bansa at sa mga mamamayan nito. Sa *Korea*, mahalaga ang ginampanan ng mga hayop sa kanilang mitolohiya at kwentong bayan.

Ayon sa kanilang paniniwala, noong unang panahon daw ay may isang tigre at oso na nagnais maging tao. Nang bumaba sa lupa ang kanilang diyos na si *Hwanin* (diyos ng kalangitan) ay humiling ang isang tigre at isang oso na maging tao. Ang sabi ni *Hwanin* ay magkulong sa kuweba ang dalawa sa loob ng 100 araw. Dahil sa marubdob na pagnanasang maging tao ay sumunod sa pinag-uutos ang dalawa. Pagkalipas lamang ng ilang araw ay agad ding lumabas ang tigre subalit nanatili sa loob ng kuweba ang oso.

Pagkalipas ng 100 araw ay may isang napakagandang babae ang lumabas ng kuweba. Ang babae ay natuwa sa kaniyang itsura at kinausap muli si Hwanin. Nagpasalamat siya sa diyos at humiling na sana ay magkaroon siya ng anak. Pinababa sa lupa ng diyos ang kaniyang anak na si *Hwanung* (anak ng diyos ng kalangitan) at ipinakasal sa babae. Sila’y nagkaanak at pinangalanang Dangun. Si Dangun ay naging hari. Pinaniniwalaang dito nagsimula ang pagkakaroon ng simbolong hayop ang ibat’t ibang *dynasty* sa *Korea*.

Ang **pabula** ay isa sa mga unang panitikan sa daigdig. Noong ika-5 at ika-6 na siglo bago si Kristo, may itinuturing nang pabula ang mga taga- India. Ang karaniwang paksa ng pabula ay tungkol sa buhay na itinuring na dakilang tao ng mga sinaunang Hindu, si Kasyapa. Lalong nagpatanyag ang mga ganitong kuwento sa Gresya. Si *Aesop* ang tinaguriang “Ama ng mga Sinaunang Pabula” dahil sa napabantog niyang aklat, ang *Aesop’s Fable*.

Mga hayop na kumakatawan o sumasagisag sa mga katangian o pag-uugali ng tao.

Halimbawa:

Ahas- ay karaniwan nangangahulugan ng isang taong taksil.  
Pagong- makupad.  
Kalabaw - matiyaga.  
Palaka- mayabang.  
Unggoy o matsing- isang tuso

Itinuturo ng pabula ang tama, patas, makatarungan, at makataong ugali at pakikitungo sa ating kapwa. Ang mga pabula ay lumaganap dahil sa magagandang aral sa buhay na ibinigay nito.

Sa pagbabasa ng pabula mahalagang matutunan moa ng mga damdamin o emosyon ng bawat tauhan upang mas lalong mauunawaan ang layunin ng awtor .

### **Alam mo ba na....**

Ang **pagpapasidhi ng damdamin** ay isang uri ng pagpapahayag ng saloobin o emosyon sa paraang papataas ang antas nito. Nagagamit ito sa pamamagitan ng pag-iiba-iba ng mga salitang may ugnayang sinonimo. Isa ito sa ginagamit ng mga manunulat upang mabibigyang diin ang bawat karakter ng mga hayop na sumisimbolo rin sa pag-uugali ng tao.

Halimbawa:

Mga salitang nagpapahayag ng damdamin na magkakatulad ngunit may pagkakaiba sa antas

1.               lungkot,           pighati ,           hinagpis
2.               damot,             ganid ,           sakim



Ngayon sasamahan kitang suriin ang mga kaalaman tungkol sa iba't ibang ekspresyon sa pagpapahayag ng damdamin nang sa ganoon higit mong maunawaan ang ating aralin at maipagpatuloy mo pa ang mga susunod pang gawain na siguradong magagamit mo sa araw-araw na pakikipagtalastasan. Handa ka na ba?



### **Iba't ibang Ekspresyon sa Pagpapahayag ng Damdamin**

1. **Mga pangungusap na Padamdamin**- mga pangungusap na nagpapahayag ng matinding damdamin. Ginagamitan ito ng bantas na tandang padamdamin (!)

Mga Halimbawa:

Sandali! Sandali!      Hintay! Hintay!      Ah! Ganito ang kalagayan ninyo.  
Sandali! Tigre!      Ah! Walang kuwenta!      Patawad!

2. **Maikling Sambitla**- mga salitang iisahin o dadalawahing pantig na nagpapahayag ng matinding damdamin.

Mga Halimbawa:

Ah!      Wow!      Ngek!      Ayy!      Yeheey!

3. **Mga pangungusap na nagsasaad ng tiyak na damdamin ng isang tao. Mga pangungusap na may anyong pasalaysay kaya't nahihinuhang hindi gaanong matindi ang damdamin.**

Mga halimbawa: 1. Pagkaawa: Labis na nakakaawa ang Tigre kay bumalik ang lalaki at tinulungan siya.

2. Pagkalungkot: "Wika ng baka, kapag kami tumanda na pinapatay at gawing pagkain."

4. **Mga pangungusap na nagpapahiwatig ng damdamin sa hindi diretsahan paraan.**

Mga halimbawa: 1. Naglaway ang tigre habang naglakad paikot sa lalaki.  
2. Sige Tigre, pawiin mo na ang iyong gutom.

5. **Mga salitang naglalarawan para sa pagpapahayag ng damdamin ng tao.**

Mga halimbawa: 1. Gutom na gutom na at hapong-hapo na ang tigre.  
2. Malumanay at walang ligoy na nagsalita ang kuneho.

6. **Mga patalinghagang pagpapahayag ng damdamin o saloobin ng tao.**

Mga halimbawa: 1. Tumindig ang aking balahibo nang nakita ko ang malaking ahas.  
2. Nasusunog na ang balat ko sa araw.

Ang **iba't ibang ekspresyon sa pagpapahayag ng damdamin ay tinatawag ding paraan ng pagpapahayag ng emosyon o saloobin ng tao.** Ito'y may malaking gampanin upang mapalitaw ang nararamdaman ng bawat tauhan ayon sa papel na ginagampanan sa alinmang akda o sitwasyon.

Ang damdamin ay isang **emosyon** na ang ibig sabihin ay ang pansariling pagtugon sa mga pangyayaring nagaganap sa araw-araw na buhay. Ito ay nararamdaman ng isang tao depende sa kung paano niya tinatanggap ang mga kaganapang nangyayari sa kanyang buhay.



Para sa karagdagang kaalaman

Narito ang iba pang ekspresyon o paraan sa pagpapahayag ng damdamin:

**a. Pagmamahal sa pamilya at kapwa**

Halimbawa: Abala kami sa pagbibigay ng mga pagkain sa mga taong biktima ng sunog.

**b. Ang pagkalungkot sa di-inaasahang pangyayari na di-kanais-nais.**

Halimbawa: Tumulo ang luha ko nang malaman kong naulila ang batang iyan dahil sa sakit na COVID-19.

**c. Ang mga pahayag na nagbibigay kasiyahan sa ibang tao**

Halimbawa: "Alam mo Lucy nalaman ko na mahilig ka sa bulaklak, kaya binilhan kita".

Tandaan mo kaibigan na sa pagpapahayag ng damdamin may hindi masyadong nailantad kung ano talaga ang tunay na saloobin ngunit mahihinuha natin batay sa salaysay ng tauhan. Mapapasin mong ipinahahayag ito sa payak na pagsasalaysay lamang. Kung kaya dapat talagang maunawaan mo ang ating aralin at mapahalagahan dahil natitiyak kong magagamit mo ito sa pagpatuloy ng iyong pagkatuto.





## Pagyamanin

Upang mapagtibay ang iyong pag-unawa at mapayaman pa ang iyong kaalaman sa ating aralin, sa bahaging ito ng iyong modyul, mayroon akong mga gawain na inihanda para sa iyo na tiyak magugustuhan mo! Tara! umpisahan na natin. Handa ka na ba?



### Gawain 5: Emosyon ko, Tukuyin mo!

**Panuto:** Tukuyin kung sa anong paraan o ekspresyon ipinahahayag ang emosyon o damdamin ng bawat pahayag. Piliin at bilugan ang titik ng pinakawastong sagot lamang.

1. "Nagmamakaawa ako, tulungan mo ako."  
A. tiyak na damdamin ng tao      C. pandamdamin  
B. patalinghagang pahayag      D. maikling sambitla
2. Tila labis ng nakakaawa ang tinig ng tigre kaya bumalik ang lalaki upang tulungan ito.  
A. paghanga      C. pagtulong  
B. pagmamakaawa      D. pagkagalit
3. Gutom na gutom at hapong-hapo na ang Tigre.  
A. patalinghaga      C. paglalarawan  
B. di tiyak na pagpapahayag      D. Padamdamin
4. "Sa ganang akin, walang duda sa kung anong dapat gawin", wika ng baka.  
A. pagmamakaawa      C. isang sambitla  
B. paglalarawan      D. hindi diretsahang pagpapahayag ng damdamin
5. "Anong alam ng tao sa pagtanaw ng utang na loob?", tanong ng puno ng pino.  
"Bakit ang mga dahon at sanga namin ang kinukuha ninyo upang mapainit ang inyong mga tahanan at magluto ang inyong mga pagkain?"  
A. pagpapahayag ng paghanga      C. pagpapahayag ng galit  
B. pagpapahayag ng pagmamahal      D. pagpapahayag ng panunumbat
6. "Pakiusap, bigyan mo pa ako ng huling pagkakataon. Tanungin natin ang kuneho para sa kanyang hatol kung dapat mo ba akong kainin".  
A. nagmamakaawa      C. nagagalit  
B. nakikiusap      D. nalulungkot

7. Dahil sa sobrang \_\_\_\_\_ ikinamamatay niya ang pagkawala ng kanyang anak.
- A. pangamba  
B. pagkalungkot  
C. paghihinagpis  
D. pighati
8. Nangatog ang katawan ng lalaki sa \_\_\_\_\_ nang paikot na naglakad ang tigre para kainin siya.
- A. pangamba  
B. takot  
C. kaba  
D. galit
9. “Bakit ang mga dahon at sanga namin ang kinukuha ninyo upang mapainit Ang inyong mga tahanan at maluto ang inyong mga pagkain?” Anong paraan ng pagpapahayag ng damdamin ang pahayag?
- A. paglalarawan  
B. pagtatanong  
C. pagmamahal sa kapwa  
D. pagmamalasakit
10. Ang mga kabataan ay abala sa pagbibigay ng mga pagkain sa mga biktima ng sunog.
- A. pagmamahal sa pamilya  
B. paglalarawan  
C. pagmamahal sa kapwa  
D. pagbibigay kasiyahan

### Gawain 6: Katwiran Mo, ILahad Mo!

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang mga pahayag mula sa dalawang pabulang binasa at ilahad ang iyong pangangatwiran nang matanto ang kabisaan ng paggamit ng hayop sa akda.

Para sa aytem 1

. Naglaway ang tigre at naglakad paikot sa lalaki.  
“Sandali!” “Hindi ba nangako ka sa akin na hindi mo ako sasaktan? Ito ba ang paraan ng pasasalamat at pagtanaw ng utang na loob?”, sumbat ng lalaki sa tigre. “Wala na akong pakialam sa pangakong iyan dahil nagugutom ako! Tugon ng tigre sa lalaki”.

1. Batay sa katangian ng tigre bilang hayop, angkop ba ang kanyang pahayag na ito upang maipaabot ang mensaheng nais ipahihiwatig ng may akda sa mga mambabasa? Bakit?

Sagot: \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

Para sa aytem 2

“Kaming mga baka ang nagbubuhay ng mabibigat nilang dalahin. Inaararo namin ang bukid upang makapagtanim sila. Subalit ano ang ginawa nila kapag kami tumanda na...pinapatay kami at ginawang pagkain! Ginagamit nila ang aming balat sa paggawa ng ano-anong bagay”.

2. Anong pagpapahalaga ang nais ipahihiwatig ng may akda sa mga mambabasa batay sa hinaing o pahayag ng tauhan sa pabula.

Sagot: \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

Para sa aytem 3

“Sa ibang salita kung ang tao ay hindi nagpakita ng kabutihan at iniwan ang tigre sa hukay, walang naging problema.” Kaya naisip ko na magpatuloy ang tao sa kanyang paglalakbay at manatili ang tigre sa hukay. Ang Hatol ng Kuneho”.

3. Sa iyong palagay tama ba ang nagiging hatol ng kuneho? Bakit?

Sagot: \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

Para sa aytem 4


“Anong alam ng tao sa pagtanaw ng utang na loob?” tanong ng puno ng Pino. “Bakit ang mga dahon at sanga namin ang kinukuha ninyo upang mapainit ang inyong mga tahanan at maluto ang inyong mga pagkain? Mga taon ang binibilang namin upang lumaki. Kapag kami’y malaki na pinuputol ninyo”.

4. Ano ang mensaheng nais palitawin ng papel na ginagampanan ng punong Pino batay sa kanyang pahayag sa diyalogo sa tao?

Sagot: \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

### Gawain 7: Ihambing Mo Ako!

**Panuto:** Makikita sa ibaba ang *VENN DIAGRAM*. Gamit ang teknik na ito, ibigay ang pagkakatulad at pagkakaiba ng Tao at Hayop.





## Isaisip

Sa iyong paglalakbay ay malapit mo nang makamtan ang iyong tagumpay. Ang gaan sa pakiramdam di ba! Alam kong lubos mo ng naintindihan ang ating leksyon pero may ibibigay pa akong mga gawain na susukat sa iyong kaalaman at paniguradong maghahatid ng bagong kaalaman.

Ipakita ang iyong husay kaibigan!




### Gawain 8: Katangian ko, Tularan mo!

**A. Panuto:** Batay sa pabulang “Ang Hatol ng Kuneho” paano mo mailalarawan ang katangian at ginagampanan ng bawat tauhan? Gamit ang *Graphic Organizer* isulat ang sagot. Kopyahin ang format sa sagutang papel.

Pangalan Ng Tauhan	Katangian	Ginampanan
1. Tigre		
2. Kuneho		
3. Baka		
4. Puno ng Pino		
5. Isang lalaki		

**B.** Punan ng mga hinihiling na kasagutan ang tsart. Isulat ang mga katangian ng tauhan na nais pamarisan o di-dapat pamarisan at kung ano ang natutunan mula sa tauhan.

Tauhan	Katangiang Nais Pamarisan	Ugaling di -dapat Pamarisan	Natutuhan sa tauhan



## Isagawa

*Wow!* napakagaling at narating mo ang bahaging ito - ang paglalapat ng iyong natutuhan. Konti na lang at matatapos mo na ang modyul na ito dala ang mga bagong kaalamang iyong natutuhan.

Ngayon, pagkakataon mo na ilahad ang iyong sariling pananaw mula sa iyong nabasang pabula na sa tingin mo ay mahalaga at magagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay. Sa pamamagitan ng isang “*Journal*”, isulat mo ang nabago sa iyong sarili at paniniwala mula sa mga aral na natutunan mo sa mga akdang binasa. Umpisahan mo na!



### Gawain 9: Natutuhan mo, Isulat mo!

**Panuto:** Sumulat ng maikling talata tungkol sa iyong natatanging karanasan sa buhay na hindi mo nakakalimutan at ilapat ang iyong natutunan sa modyul na ito. Malaya kang pumili ng iyong sariling pamagat. Isulat sa sagutang papel kopyahin ang pormat.

\_\_\_\_\_

Pangalan

---



---



---



---

Kriterya	Napalinaw ng Pagkakabuo (10 puntos)	Lubhang malinaw ang pagkakabuo (5 puntos)	Hindi malinaw ang pagkakabuo ( 3 puntos)
Nilalaman			
Organisado			
Kalinisan			



## Tayahin

Binabati kita kaibigan! Hindi mo pa man natatapos ang modyul na ito ay lubos akong humahanga sa ipinakita mong pagsisikap na matutuhan ang mga mahahalagang kaalaman at kasanayan sa araling ito. Bilib ako sa iyo!

Ngayon ay susukatin natin kung natutuhan mo lahat ang mga dapat mong malinang sa araling ito. Kaya



### Gawain 8: Pangwakas na Pagtataya

**A. Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pahayag. Isulat ang tamang titik ng pinakatamang sagot sa sagutang papel.

Para sa bilang 1-4: Tukuyin ang damdaming nangingibabaw sa tauhan sa diyalogo.

1. Myrna: “Halika na bilisan mo at aalis na tayo!”  
 Beth: “Hindi na lang ako tutuloy. Mukhang ayaw ninyo naman akong kasama.”

A. pagtatampo  
 B. pagmamalasakit  
 C. paghanga  
 D. pagkahiya
2. Ina: “Ang lakas ng ulan at hindi pa nakakauwi ang iyong mga anak.”  
 Ama: “Oo nga, wala pa namang dalang mga payong ang mga iyon.”

A. pagkatuwa  
 B. pagsisisi  
 C. pag-aalala  
 D. pagkatakot



3. Ate: "Bakit mo pinuno ng sulat ang aking proyekto? Di ba sinabi kong huwag mong pakialaman ito?"  
 Bunso: "Akala ko kasi ate hindi mo na gagamitin."  
 A. pagkagalit C. pagkatuwa  
 B. pagmamalasakit D. paghanga
4. Mario: "Alam mo bang ikaw ang nakakuha ng pinakamataas na marka?"  
 Allan: "Talaga? Yehey! Nagbunga din ang aking pag-aaral kagabi."  
 A. pagkatuwa C. pagtatampo  
 B. pagsisisi D. pag-aalala
5. Ilagay sa mga baitang o antas ang mga sumusunod na salita ayon sa tindi ng damdaming ipinahahayag.  
 1. iyak 2. hikbi 3. hagulgol 4. nguyngoy  
 A. 2-4-1-3 C. 4-5-3-2-1  
 B. 1-2-3-4 D. 3-4-5-1-2
6. Sa pangungusap na "Matagal ko nang dapat sabihin sa iyo na mahal kita. Alin sa sumusunod ang salitang nagpapatindi ng salitang "mahal"?  
 A. gusto kita C. crush kita  
 B. type kita D. sinasamba kita
7. Alin sa mga sumusunod na parirala o sugnay ang nagpapahayag ng tindi ng damdamin?  
 A. gutom C. kumakalam ang sikmura  
 B. hayuk na kayok D. nagugutom
8. Nakapagpatayo si Dona ng malaking bahay mula sa pagtitinda ng gulay. Ang tamang ekspresyon sa pangungusap na ito ay\_\_\_\_\_  
 A. Naku po! C. Sobra na!  
 B. Wow! D. Yahoo!
9. Maraming tao ang nawala at namatay dahil sa malakas na lindol. Ang tamang ekspresyon ng pangungusap ay\_\_\_\_\_  
 A. Wow C. Yeheey!  
 B. Naku! Po. D. Ngek!

Para sa bilang 10 Halaw sa pabulang "Ang Hatol ng Kuneho"

"Anong alam ng tao sa pagtanaw ng utang na loob?", tanong ng puno ng pino. "Bakit ang mga dahon at sanga namin ang kinukuha niyo upang mapainit ang inyong mga tahanan at magluto ang inyong mga pagkain? Mga taon ang binibilang namin upang lumaki. Kapag kami'y malaki na pinuputol niyo".

10. Ipinahiwatig ng salaysay ang NEGATIBONG ugali na ginagawa ng tao sa ating kalikasan. Bilang kabataan ano ang dapat gawin upang maging POSITIBO. ang salaysay.  
 A. Huwag puputulin ang mga maliliit na punongkahoy.  
 B. Magtanim ng maraming puno ng pino.  
 C. Panatilihin ang malinis ang ating mga kagubatan.  
 D. Iwasan ang pagputol ng mga punongkahoy at panatilihin ang pag-aalaga. ng ating kalikasan sa tamang paraan.

**A. Ipaliwanag ang naging tungkulin ng mga hayop bilang mga tauhan sa pabula at ang pagkakatulad nila sa tao.**

Pamagat ng Akda	Naging Tungkulin	Pagkakatulad ng tauhan sa Tao
Ang Hatol ng Kuneho		

Pagmamarka sa Paglalahad ng Ideya

Pamantayan Naipapaliwanag nang buong husay (10 puntos) Maayos at may kahusayan sa pagpapaliwanag (7 puntos) Hindi malinaw ang pagpapaliwanag (4 puntos)

Pamantayan	Naipapaliwanag nang buong husay (10 puntos)	Maayos at may kahusayan sa pagpapaliwanag (7 puntos)	Hindi malinaw ang pagpapaliwanag (4 puntos)
Nilalaman			
Organisasyon			
Kalinisan			



### ***Karagdagang Gawain***

*Opppssss... may pahabol pa kaibigan!*

Kung sa tingin mo ay kulang pa o nais mo pang mas malinang ang iyong natutuhan sa ating aralin, gawin mo ang gawain sa bahaging ito.



### **Gawain 9: Bagong Pabula, Sariling Likha**


Magbasa, makinig o manood ng iba pang mga pabulang gusto o ibig ninyo. Isulat muli ang pabula at baguhin ang karakter ng isa sa mga tauhan nito.

### Pamantayan sa Pagmamarka

Pamantayan	Puntos	Aking Puntos
Malinaw na nailalahad ang nilalaman ng pabula	4 puntos	
Lohikal ang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari	4 puntos	
Maayos at malinis ang pagkakasulat	4 puntos	
Pagiging malikhain	3 puntos	
Kabuuan	15 punots	



Binabati kita sa iyong aktibong pakikilahok at pakikiisa sa lahat ng mga gawain. Mahirap man o madali ang pagsagot sa mga pagsasanay ang mahalaga'y buong puso mong ibinigay ang lahat ng iyong makakaya upang mapagtagumpayan ito.  
Pagbati!



## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. D
2. C
3. A
4. D
5. D
6. A
7. D
8. A
9. B
10. C

**Balikan**

Gawain 1: Pagkakaiba at pagkakatulad  
 Tanka Pagkakaiba  
 Ito ay binubuo ng tatumpo't isang pantig (31) na may limang taludtod. Karaniwang hati ng taludtod ay 7-7-7-5-5 o 5-7-5-7. Ang mga paksa nito ay tungkol sa pagbabago, pag-ibig at pag-iisa.  
 Haiku Pagkakaiba  
 Ito ay may labimpitong bilang ang pantig (17) na may tatlong taludtod ang hati ay 5-7-5 o maaring magkapalit-palit. Ang paksa ay tungkol sa kalikasan at pag-ibig sa pagkakatulad-Ang Tanka at haiku ay parihong nagpapahayag ng masidhing damdamin at parihong nagmula sa bansang Japan.

**B.**

1. BU:hay  
 2.ta:la  
 C.  
 1.213  
 231  
 2.231  
 213  
 D.  
 1./Hindi si Arvy! ang sumulat sa akin./  
 2.Hindi/ si Arvy! ang sumulat sa akin./

**Tuklasin**

**Gawain 2- A**

1. nakahiga
2. sinasaka
3. dahan-dahan
4. nakatingin
5. pagmamakaawa

**Gawain 2-B**

Iba iba ang sagot

**Tuklasin**

**Gawain 3**

1. bulong, hiyaw, sigaw
2. galit, suklam, pool
3. lungkot, pighat, hinagpis
4. pangamba, kaba, takot
5. pagkutyay, pag-api, pag-alipusta
6. damot, saktim, ganid
7. paghang, pagsinta, pagmamahal
8. kiro, hapti, sakti
9. ngiti, tawa, halakhak
10. pagkawala, pagkaubos, pagkakaasid

**Tuklasin**  
**Gawain 3: A at B**  
 Iba iba ang sagot

**Gawain C.**  
 1. pagmamakaawa  
 2. pagkagalit  
 3. pakikiusap  
 4. pagkainis  
 5. panunumbat

**Suriin**  
**Gawain 4**

1. C  
 2. A  
 3. C  
 4. D  
 5. A

**Pagymamin**  
 Gawain 5.

1. A  
 2. C  
 3. C  
 4. D  
 5. D  
 6. B  
 7. C  
 8. B  
 9. B  
 10. C

Iba iba ang sagot  
**Gawain 6 at 7**  
 Iba iba ang sagot

**Isaisip**  
**Gawain 6.**  
 A.  
 Iba iba ang sagot

**B.**  
 Iba iba ang sagot

**Isagawa**  
**Gawain 7.**  
 Iba iba ang sagot

**Tayahin**  
**Gawain 8.**

1. A  
 2. C  
 3. A  
 4. A  
 5. A  
 6. D  
 7. B  
 8. B  
 9. B  
 10. D

**Karagdagang Gawain**  
 Iba iba ang sagot

## ***Sanggunian***

Peralta, Romulo, et.al., Ang panitikang Asyano-Filipino 9. Philippines: Vibal Group, Inc., 2014.

Bernales, Johnny. “Guro sa Filipino: Mga salita ayon sa tindi ng ipinahahayag.” Accessed November 6, 2020.  
[https://www.scribd.com/doc/294455252/Guro-Sa-Filipino-Mga-Salita-Ayon-Sa-Tindi-Ng-Ipinahahayag?fbclid=IwAR0UT\\_Sqfjyyy39oQErLLNtPb\\_Z9i\\_y6b4rjVLJxKi281pX8clKmLMBekfl](https://www.scribd.com/doc/294455252/Guro-Sa-Filipino-Mga-Salita-Ayon-Sa-Tindi-Ng-Ipinahahayag?fbclid=IwAR0UT_Sqfjyyy39oQErLLNtPb_Z9i_y6b4rjVLJxKi281pX8clKmLMBekfl).

Casulucan, Kristel. “Mga paraan ng pagpapahayag ng emosyon.” Published March 19, 2017. <https://www.slideshare.net/kristelcasulucan/mga-paraan-ng-pagpapahayag-ng-emosyon>.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)